ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XXXIV Blg. 12
Hulyo 21, 2003
www.philippinerevolution.org

Editoryal

Labanan at biguin ang panunupil sa ligal na demokratikong kilusan

Isang hakbanging *ala-Marcos* ang kautusan ni Pres. Gloria Arroyo na supilin ang diumano'y mga "ligal na prenteng organisasyon ng Partido Komunista." At tulad ng pagpapataw ni Marcos ng batas militar noong 1972, hindi lamang mabibigo ang kautusang ito na pigilin ang tuluy-tuloy na pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan. Lalo pa nitong itutulak ang mamamayang Pilipino na sumuporta at sumapi sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) at lumahok sa armadong rebolusyonaryong kilusan.

Ang kautusang ito ay isang desperadong hakbangin sa harap ng sunud-sunod na matatagumpay at madadagundong na taktikal na opensiba ng BHB. Sa kabiguang pigilin ang pagsulong ng armadong rebolusyon sa kabila ng "todong digmang kontra-terorismo" ng rehimeng Arroyo, ibayong pinagdidiskitahan nito ngayon ang mga ligal na organisasyong patriyotiko at demokratiko na malisyosong pinagpapareho sa PKP at BHB upang mabigyang-katwiran ang paggamit ng dahas ng estado laban sa mga ito.

Katulad ng mga nagdaang rehimen, militarismo at pasistang terorismo ang sagot ng rehimeng Arroyo—sa udyok ng amo nitong imperyalismong US—sa lumalawak at lumalakas na pagtutol at paglaban ng masang labis na pinahihirapan ng krisis ng reaksyunaryong naghaharing sistema. Ang napakatinding diskuntento at pagkaligalig ng malawak na mamamayan ay ibinubunsod ng papabilis na pagbulusok ng ekonomya at ng kanilang kabuhayan, at ng kawalang kakayahan ng naghaharing uri na makatugon kahit sa mga pinakabatayang pangangailangan ng nakararaming mamamayan at pagtindi ng pang-aapi at panggigipit sa kanila.

Hindi lamang bigo ang imperyalismong US at mga lokal na reaksyunaryong naghaharing uri sa paglutas sa napakalalim na krisis sa ekonomya

Mga tampok sa isyung ito...

Tumitindi ang giriang Cojuangco-Arroyo PAHINA 4

Pagbubuo ng balangay ng MAKIBAKA sa isang baryo sa Bikol PAHINA 6

Paglaban sa iligal na droga sa Eastern Visayas PAHINA 7

at pulitika ng bulok na sistemang malakolonyal at malapyudal. Lalo pa nitong pinalala ang krisis sa nakaraang dekada nang hangal na isinuong ng sunud-sunod na mga papet na rehimen ang bansa sa todong pananalasa ng imperyalistang globalisasyon at patakarang neoliberal na ipinataw ng imperyalismong US sa pamamagitan ng IMF-WB. Nagdudulot ito ng ibayong paghihiwalay ng rehimen at pag-igting ng mga bangayan sa hanay ng mga reaksyunaryo.

Kahit bumagsak ang pasistang rehimeng Marcos, nanatili sa sentro ng kapangyarihan ng anumang reaksyunaryong pangkatin ang pasistang makinaryang burukratiko-militar, gayundin ang mga mapanupil na batas at kautusan ng diktadura laban sa mga demokratiko at progresibong pagkilos at pakikibaka ng masa ng sambayanan.

Walang habas ang pananalakay at pang-aatake ng rehimeng Arroyo sa ligal at demokratikong kilusan. Laganap ang garapal na pamamaslang sa mga lider at aktibistang tumututol at lumalaban sa malawakang militarisasyon at pasistang terorismo ng reaksyunaryong estado sa kanayunan at kalunsuran. Tampok na halimbawa ang pagatake sa mga lider ng CAGUIMUNGAN sa Baggao, Cagayan nitong Hulyo *(tingnan ang kaugnay na balita sa pahina 3)* at ang pagpaslang sa mga aktibistang sina Eden Marcellana at Eddie Gumanoy sa Timog Katagalugan noong Abril.

Matindi ang pasistang pananakot, panggigipit at pananalakay sa mga ligal na organisasyon ng mga magsasaka, manggagawa, kabataan, kababaihan at iba pang organisasyong nakikipaglaban para sa demokratikong interes at karapatan ng mga pinakainaapi at pinakapinagsasamantalahang mga sektor ng lipunan.

Malawakan ang panunupil sa mga welga ng mga manggagawa at pambubuwag ng kanilang mga unyon at samahan. Nitong huli, hinihiling pa ng mga dayuhang monopolyong kapitalista at malalaking kumprador kapitalista, na ipatupad ng papet na gubyerno ang 10 taong moratoryum sa pagbabago ng mga Collective Bargaining Agreement at kaakibat nito ang pagbabawal sa welga.

Sa harap ng mga ito, napakahalagang patuloy na magpunyagi sa pagpapalawak at pagpapalakas ng ligal na kilusang demokratiko. Kailangang lalong palawakin at paigtingin ang mga protesta at pakikibakang masa para labanan ang pasistang terorismo at patuloy na ipagtanggol at igiit ang mga karapatang pampulitika at pang-ekonomya ng mamamayan. Kailangang militanteng manindigan at huwag pasisindak sa pasistang pananakot ang mamamayan at mga demokratiko at progresibong pwersa.

Mabibigo at mabibigo ang mga pasistang tangka at pananalakay kung magpupunyagi ang mamamayan at kilusan sa paglaban sa mga ito, tuluy-tuloy na hihimukin ang pinakamalawak na hanay ng mamamayan at alyansa ng mga pwersa laban dito at gagamitin ang kumbinasyon ng iba't ibang paraan ng organisasyon at paglaban. Kaakibat nito, marapat ding palawakin at palalimin ang rebolusyonaryong kilusang lihim para makapagpursigi at manatiling epektibo sa paglaban kahit bumaling sa pinakamasahol na hakbangin—sa tahasang pasistang teroristang panunupil—ang mga lokal na reaksyunaryong naghaharing uri.

Sa harap ng tumitinding pasistang terorismo, lalong krusyal sa lahatang-panig na pagsusulong ng mga pakikibakang bayan ang ibayong pagpapalakas ng hukbong bayan at puspusang pagsusulong ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Kailangang patuloy na paigtingin ang mga taktikal na opensiba ng BHB batay sa kakayahan ng hukbo at baseng masa. Kailangang uboskayang higit na palawakin at palakasin ang mga larangang gerilya sa lahat ng estratehikong bahagi ng kapuluan.

Pagbayarin natin nang mahal ang mga imperyalista at reaksyunaryo sa walang habas nilang pagpapasahol sa panghuhuthot at pasistang pandarahas laban sa masa ng sambayanan. AB

ANG Bayan
Taon XXXIV Blg. 12 Hulyo 21, 2003

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-*download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:
www.philippinerevolution.org

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa:
angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editoryal 1
Karahasan, pandaraya sa eleksyon sa Isabela 3
Giriang Cojuangco-Arroyo 4
Mga opensiba ng BHB 5
Mga ulat-koresponsal
Balangay ng MAKIBAKA sa Bikol 6
Paglaban sa iligal na droga sa EV 7
AFP, PNP, mga sindikato sa droga 8
Obispo ng mahihirap 9
Mababababang upisyal at karaniwang kawal ng AFP, ligalig 10
Papalalang ekonomya ng US 11
Balita 12

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Karahasan at pandaraya sa eleksyon sa Isabela

Salamin ng reaksyunaryong pulitika sa pambansang antas ang dumi at karahasan ng lokal na pulitika sa Isabela. Ngayon pa lamang ay makikinita na mula rito ang kahahantungan ng darating na pambansang eleksyon.

Noong Mayo 12, garapal na dinaya ng dinastiyang Dy sa Isabela ang espesyal na halalan para piliin ang kapalit ni Antonio Abaya, ang namatay na kongresman para sa ika-apat na distrito ng prubinsya. Minanok ng mga Dy at ng Nationalist People's Coaliton (NPC) ni Eduardo "Danding" Cojuangco si Giorgidi Aggabao, galamay nila at kamag-anak ni Cojuangco. Pinagtulungan nila si Dr. Asuncion Abaya, ang byuda ng nasirang kongresman. Isa sa mga pangunahing balwarte ni Cojuangco ang Isabela at mahigpit na pinangangalagaan ng sabwatang Cojuangco-Dy ang kanilang kapangyarihang pampulitika at pang-ekonomya rito. Inaasahan nila na sa pamamagitan ni Aggabao ay maipagpapatuloy ang mga anti-mamamayan nilang proyekto, pangunahin na ang malawakang pang-aagaw ng lupa para sa plantasyon ng kamoteng-kahoy, na nitong huli ay sumaklaw na rin sa ika-apat na distrito ng Isabela. Kailangan din nilang panatilihing solido ang lugar para sa mga balak nila sa eleksyon sa 2004.

Sa kabila ng katakut-takot na panunupil at pandarahas ng sabwatang Cojuangco-Dy-Aggabao, pagbaha ng pera at pagbili ng mga boto, malinaw na tinalo ni Abaya si Aggabao batay sa bilangan ng mga boto sa mga munisipalidad. Pero nabaligtad ang resulta pagdating sa *canvassing* sa Ilagan, kabisera ng Isabela, kung saan binantayan mismo ni Dy at ng mga tropa ng pulis at 5th ID ang "pagbibilang" at pinagbawalang sumaksi ang publiko, pati na ang mga *poll watcher* at abugado ni Abaya.

Di pa nagkasya rito, noong Mayo 15 ay pinatay ng mga tauhan nina Dy si Engr. Joaquin Soriano, ang *campaign manager* ni Abaya at *municipal coordinator* ng Bayan Muna sa Jones, dahil sa pagtanggi nitong suportahan si Aggabao. Buong kapal ng mukha pang sinikap ng kampo ni Dy na mang-intriga laban sa Bagong Hukbong Bayan at palabasing ito ang pumatay kay Soriano. Nagpadala sila sa Bombo Radyo DZNC ng huwad na pahayag ni Ka Delio Baladon, tagapagsalita ng Benito Tesorio Command ng BHB sa timog Isabela, na umaamin umano sa pagpaslang kay Soriano. Subalit agad nahalata ng mga taga-Bombo Radyo na hindi totoo ang pahayag. Nakumpirma ring militar ang naghatid ng pahayag.

Kinabukasan, inilunsad ang isang *motorcade* na umikot sa halos lahat ng bayan ng ika-apat na distrito upang tuligsain ang naganap na pandaraya at ang pagpaslang kay Soriano. Ilandaang sasakyan at libong mamamayan ang lumahok dito, kasama ang mga kasapi ng Bayan Muna, Bagong Alyansang Makabayan at

Sundan sa "Karahasan...," pahina 4

Mga lider-magsasaka sa Cagayan, tinangkang patayin ng 41st IB

TINANGKANG patayin ng mga elemento ng 41st IB ang ilang lider-magsasaka sa Baggao, Cagayan noong Hulyo 1. Pinagtataga ng mga sundalo sa harap mismo ng kampo ng RSOT/41st IB sina Benito Abarientos, Isabelo Adviento, Ronald Reyes at Joey Javier. Halos mahiwalay ang isang braso ni Javier at maraming taga ang iba't ibang bahagi ng kanyang katawan. Sina Adviento at Reyes ay nakatakbo at humingi ng tulong sa mga mamamayan upang dalhin sa ospital si Javier. Si Javier ang tagapangulo ng CAGUIMUNGAN, isang progresibong alyansa ng mga magsasaka sa prubinsya.

Makailang ulit na tinangkang patahimikin ng 41st IB ang militansya at pagkilos ng mga magsasaka sa Cagayan sa pamamagitan ng paghahasik ng matinding panunupil at pandarahas.

Sa harap ng matinding militarisasyon sa kanilang lugar, nananatiling maningning ang rekord ng mga magsasaka ng Baggao sa militanteng pagtataguyod ng kanilang mga karapatan at matatagumpay na pagkamit ng benepisyo at kagalingang panlipunan. AB

Tumitindi ang giriang Cojuangco-Arroyo

Nitong Hulyo, idineklara ng Sandiganbayan na pampubliko ang katangian ng pondong *coco levy* na kalakha'y nakalagak sa United Coconut Planters Bank (UCPB). Ito ang ginamit ni Eduardo "Danding" Cojuangco para mahawakan ang 27% ng sapi ng UCPB sa San Miguel Corporation (SMC) at malamang ay ginamit din niya para bilhin ang 20% pang sapi sa SMC na direktang nasa pangalan niya. Batay sa hatol ng korte, iligal ang batayan ng paghawak ngayon ni Cojuangco ng mga sapi ng UCPB, na siyang pinakamalaki sa SMC.

Kung masusunod lamang ang naturang desisyon, mga kinatawan na ng gubyernong Arroyo ang papalit sa mga kinatawan ni Cojuangco sa Board of Directors ng SMC. Magkakaroon na rin ng karapatan ang gubyerno na magluklok ng bagong tagapangulo ng SMC at kampo na ni Arroyo ang kokontrol sa isa sa pinakamalalaki at pinakamalalakas kumitang empresa sa Pilipinas.

Ngunit mananatili pa rin ang pagiging tagapangulo at mapagpasyang kontrol ni Cojuangco sa SMC hanggang sa Pebrero 2004 batay sa isang "pansamantalang kasunduan" sa pagitan nito at ng Presidential Commission on Good Government (PCGG). Dahil dito, masasalang ang kanyang kontrol sa SMC at iba pang mga kumpanyang binili gamit ang pondong *coco levy* sa darating na eleksyong presidensyal. Ang mga ito ang magiging pangunahing premyo, kasama ang pondong *coco levy* at iba pang dambong na kayamanan ni Cojuangco, sa sinumang mananalo sa 2004. Tiyak na magiging marahas at batbat ng pandaraya ang darating na eleksyon dahil dito. Ngayon pa lamang, nagbanta na si Cojuangco na todo-todo niyang lalabanan ang anumang pagtatangkang agawin sa kanya ang kontrol sa SMC at iba pang dambong na kayamanan.

Ang maagang pagkakabulgar ng sabwatan, pagani ng matitinding batikos at malakas na pagtutol dito ng mga militanteng pwersa, ng iba pang mga kritiko at ng mamamayan ay humantong sa pagbagsak ng serye ng mga negosasyon sa pagitan nina Arroyo at Cojuangco kaugnay ng *coco levy*. Sunud-sunod na nabigo ang kanilang sikreto sanang mga kaayusan upang manatiling pribado ang pondong *coco levy at* magsabwatan sa hatian ng UCPB, SMC at iba pang kakabit nitong malalaking negosyo.

Malaki ang iniaasa ni Arroyo sa pakikipagkoalisyon at suportang pinansyal ni Cojuangco at sa hindi pagtakbo o pagsuporta ni Cojuangco sa ibang kandidato . Ang pagkabiyak ng kanilang oportunistang koalisyon ay magreresulta sa lalong paghina ng makinaryang pang-eleksyon at lalong pagkitid ng maliit na ngang tsansang manalo ni Arroyo sa darating na eleksyon.

Maaasahang gagawa si Cojuangco ng mga hakbang upang pag-isahin at palakasin ang oposisyon para suportahan ang pagkandidato niya o ng sinumang pipiliin niyang suportahan sa darating na halalan. Gustung-gusto ni Cojuangco na si Arroyo ang siya pa ring maging kandidato ng namumunong paksyon dahil pinakamadali itong

Sundan sa "Tumitindi...," pahina 5

"Karahasan...," mula sa pahina 3

iba pang progresibong organisasyon. Naglabas ng mga pahayag at lumahok sa mga aksyong protesta ang mga magsasaka, kabataan, taong simbahan, propesyunal, pulitikong anti-Dy at iba pang mamamayan.

Noong Mayo 24, muling naglunsad ng *motorcade* at dinaluhan ito ng libu-libong tao. Pagkatapos ay tumungo ang mahigit 1,000 mamamayan sa libing ni Soriano kung saan kinundena ng iba't ibang tagapagsalita ang pangkating Dy. Nagsilbing pinal na bahagi ang pagbasa sa parangal ng Benito Tesorio Command kay Soriano.

Ang gayong kalakas na pagtuligsa sa dinastiyang Dy, na noon lamang nasaksihan sa timog Isabela, ay tiyak na titindi pa habang papalapit ang eleksyon sa 2004 at mas pinarurumi ng sabwatang Cojuangco-Dy ang kanilang pagmamaniobra sa pulitika. AB

"Tumitindi...," mula sa pahina 4

matatalo ng sinumang patatakbuhin ng oposisyon. Sa harap nito, itutulak ng mga pangyayaring ito na gumawa si Arroyo ng lalong desperadong mga hakbangin bunsod ng pursigidong ambisyon niyang makapanatili pa sa poder.

Ang pag-igting ng labanan hinggil sa *coco levy* ay rurok ng ilang taon nang pag-aagawan ng mga nangungunang burukrata kapitalista sa pondong hindi nila pag-aari. Sa dinami-dami ng liku't ikot ng labanang ito, ni minsan ay hindi naging pangunahin sa adyenda ng mga ganid na burukratang naglalaway sa *coco levy* ang interes at kagalingan ng sektor na siyang tunay na may karapatan sa pondo—ang milyong mga magniniyog na mahigit 17 taong sapilitang pinatawan ng buwis na ito.

Isinasalarawan nito ang ibayo pang pagkabulok ng mga reaksyunaryong naghaharing uri. Pinatitingkad nito ang burukratiko-kapitalistang katangian ng pinakamalalaking kayamanan at pinanggalingan ng malalaking pag-aaring kumprador sa Pilipinas. Litaw na litaw ang napakakrusyal na papel ng pagkontrol sa burukrasya at malakihang kurakot sa kaban ng bayan para sa higit na pagpapayaman at pagpapalakas ng negosyo ng anumang naghaharing pangkatin ng naghaharing uri. Matindi ang sabwatan at bangayan ng malalaking burukrata-kapitalista para kopohin ang burukrasya at kaban ng bayan, hayok na mag-agawan, at higit sa lahat, agawan at pagkaitan ang bayang lubos na naghihirap at nangangailangan ng kabuhayan at mga serbisyong panlipunan. Lalo pang umiigting ang hayok na pag-aagawan ng mga naghaharing paksyon sa kalagayang pakitid na nang pakitid ang kayamanang maaaring paghatian ng iba't ibang paksyon. AB

19 na armas nasamsam sa 2 opensiba sa Bontoc

Labinsiyam na malalakas na riple at iba pang gamit-militar ang nasamsam ng mga mandirigma ng Leonardo Pacsi Command ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa dalawang magkasunod na taktikal na opensiba nitong Hulyo 15 sa Bontoc, Mountain Province.



Pauwi sa kanilang hedkwarters sa Fort Magsaysay sa Laur, Nueva Ecija ang mga tropa ng 71st IB nang tambangan ng isang platun ng BHB ang sinasakyan nilang siksbay bandang alas-3 ng hapon sa Sityo Sukib, Talubin, Bontoc. Nakasamsam ang mga Pulang mandirigma ng pitong M16, isang M14 at isang .45. Namatay sa labanan ang walong sundalo at malubhang nasugatan ang isa pa.

Bago ito, sinalakay ng BHB noong umaga ring iyon ang detatsment ng 54th IB sa Talubin Proper. Nakontrol ng mga Pulang mandirigma ang detatsment at sinunog ito. Naagaw nila ang limang M14, limang garan, isang karbin at mga bala. Dalawang sundalo ang napatay at nasugatan ang dalawa pa.

Samantala, ayon sa pinakahuling mga ulat, siyam na sundalo ang napatay sa labanan sa pagitan ng BHB at AFP noong Hulyo 5 sa East Maguisguis, Botolan, Zambales. Naunang iniulat na limang sundalo ang sugatan.

PNP sa Catbalogan, inambus; 2 armas naagaw

Isang M16 at isang 9 mm ang nakumpiska at isang pulis ang nasugatan nang tambangan ng BHB noong hapon ng Hulyo 16 ang kotseng sinasakyan ni P/Supt. Conrado Calvario, hepe ng PNP sa Samar. Papunta ang mga pulis sa Tacloban City upang sumalubong kay Pres. Arroyo nang masabugan ng bomba ang sinasakyan nilang *patrol car* sa haywey sa Barangay Socorro, Catbalogan.

Mga sundalo, pulis inambus sa Abra

Inambus ng isang iskwad ng Agustin Begnalen Command ng BHB sa Abra ang pinagsanib na mga elemento ng 17th IB at PNP noong Mayo 16 sa Barangay Lingas, Lagangilang, Abra. Dalawang sundalo ang namatay at apat ang sugatan sa ambus. Ligtas na nakaatras ang BHB samantalang hindi man lamang nakapaglunsad ng operasyong pantugis ang mga nagulantang na kaaway.

Para pagtakpan ang kanilang kahihiyan, nagkalat na lamang ang 17th IB ng intriga laban sa BHB. Pinasurender nila ang dalawang lalaking 10 taon nang tumiwalag sa Hukbo at sinabi na namang nagrerekrut ng mga menor de edad ang BHB. *(mula sa* Dangadang, *rebolusyong pahayagan sa Ilocos-Cordillera.)* AB

Pagbubuo ng balangay ng MAKIBAKA sa isang baryo sa Bikol

Sa isang prubinsya sa Bikol, ganap nang naitayo ang ilang samahang masa. Patunay ang mga ito ng tagumpay sa lahatang-panig na pagsulong ng rebolusyon sa prubinsya. Noong Hunyo, naging saksi ang isang kasama mula sa AB *sa pagbubuo ng isang balangay ng Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (Makibaka) sa isang baryo sa prubinsya.*

Dati nang nabuo ang MAKIBAKA sa baryong ito matapos mabuo ang Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid (PKM) sa lugar noong nakaraang taon. Subalit nireorganisa ito nitong Hunyo dahil sa unang pagbubuo, hindi naisali sa kasapian ang kababaihang kasapi ng PKM. Muling nagdaos ng kumperensya ang kababaihan mula sa lahat ng sityo ng baryo upang muling buuin ang balangay ng MAKIBAKA.

Sa tulong ng BHB at Sangay ng Partido sa Lokalidad (SPL), naging madali ang paghahanda sa mga rekisito para sa pagbubuo ng MAKIBAKA. Noong Hunyo 15, inipon upang ayusin ang mga nakuhang talambuhay na may mga kulang o malabong datos. Kasabay nito, inihanda rin ang mga datos hinggil sa rebolusyonaryong kasaysayan ng baryo.

Kinabukasan, nagpulong ang mga kasamang nakatutok sa paghahanda ng mga rekisito. Pinaghati-hatian nila ang pagsasaayos ng borador ng isang taong programa ng MAKIBAKA, ng rebolusyonaryong kasaysayan ng baryo at ng mga talambuhay ng kasapian.

Nagpulong din ang ilang mga kasama mula sa hukbo at ang Komiteng Tagapagpaganap ng SPL (KT-SPL) para tumulong sa paghahanda ng iba pang mga rekisito. Inihanda na rin ang mga teknikal na pangangailangan ng kumperensya katulad ng mga kagamitan at pagkain at ang paghahanap ng mga magaasikaso at magtitiyak sa kusina at seguridad.

Hunyo 18 ang kumperensya ng muling pagbubuo ng balangay ng MAKIBAKA. Sa 68 target na kababaihang kasapi, 42 ang nakadalo. Nagkataong nakasabay nito ang pulong ng mga magulang sa isang kalapit na paaralan, ngunit matapos mapaliwanagan ng mga kababaihan ang mga titser nito, iniatras ng paaralan ang nakaiskedyul na pagpupulong.

Sa kumperensya, binati ng masigabong palakpakan ang talumpati ng tagapangulo ng lokal na balangay ng PKM hinggil sa kahalagahan ng pagtatayo ng mga samahang masa at ang pagsisikap na hakbang-hakbang na maitaas ang antas ng pagkakaisa ng mamamayan sa baryo. Matapos ito, inilahad ng isang kumander ang kasaysayan ng baryo.

Upang magkakilanlan ang mga kasapi ng balangay, binasa ang kanilang mga talambuhay sa harap ng kumperensya.

Bandang hapon na nang tinalakay ang borador ng isang taong programa ng balangay. Ibinukas ito sa mga komentaryo at mungkahi ng kasapian bago inaprubahan. Ilan lamang sa tampok na laman ng programa ang pagtatayo ng isang kwerpo ng mga instruktor, pagsapi sa grupong pandepensa ng baryo at paglulunsad ng mga proyektong pampinansya.

Matapos ito, inihalal ng kapulungan ang 16 sa pinakamahuhusay at aktibo sa samahan bilang kasapi ng Komiteng Balangay (KB). Mula sa 16, inihalal ang tagapangulo at mga pangalawang tagapangulo sa organisasyon; edukasyon; pinansya at ekonomya; kalusugan; at tanggulan.

Masigla ang bawat isa sa araw ng pagbubuo. Dama nila ang mahigpit na pagkakaisa ng kababaihan at ng hukbo. Sa pagtatapos ng maghapong kumperensya, itinanghal ang Awit ng Pag-asa na paboritong kantahin ng mga kasama sa mga kumperensya sa pagbubuo ng mga samahang masa.

" ...Dahil mithi nati'y palayain,
Bawat isa sa pagkaalipin,
Sa gitna man ng gutom,
kahirapa't pasakit
Hinding-hindi tayo susuko..." AB

Paglaban sa iligal na droga sa Eastern Visayas

"Pampabango lang iyan kay Gloria. Mabibira ang maliliit na *pusher* pero dahil ang puno't dulo ng problema sa droga sa bansa ay ang reaksyunaryong gubyerno rin at ang sandatahang pwersa nito, hindi ito mareresolba." Ito ang reaksyon ni Ka Peping, isang namumunong kadre ng Partido na matagal nang kumikilos sa Samar.



Kung ang pagbabatayan ay mga tawag ng mamamayan at pahayag ng mga komentarista sa radyo, aniya, iisa lang ang sinasabi nila: Wala na silang pag-asang malulutas pa ng PNP o AFP ang problema sa droga dahil ang mga ito ang sangkot at sa katunaya'y nasa likod ng mga sindikato sa droga. Ang BHB na lamang ang makalulutas nito.

Ang totoo, sa anumang bahagi ng rehiyon kung saan namamayani na ang Pulang kapangyarihang pampulitika ng mamamayan, napuksa na ang problema sa iligal na droga o kaya'y hindi na nagkaroon ng pagkakataong lumaganap pa ito. Kung may ilang kaso pa mang natutuklasan, mabilis itong inaagapan sa pamamagitan ng mapagpasyang mga hakbangin ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa at, kung kinakailangan pa, ng hukbong bayan.

Ayon kay Ka Peping, ang isa sa mga unang hakbangin sa pagpasok ng rebolusyonaryong kilusan sa anumang lugar ay ang pag-alam kung sinu-sino ang masasamang elemento sa komunidad. Kabilang dito ang mga taong sangkot sa mga anti-sosyal o kriminal na gawain tulad ng pagnanakaw, pangangalabaw, prostitusyon at pagtutulak ng iligal na droga.

Ang pangunahing paraan ng pagharap sa mga ordinaryong taong sangkot sa ganitong gawain ay pulitikal: matiyagang pagpapaliwanag ng mabuting layunin ng rebolusyon at ng halaga ng pagkakaisa ng mamamayan laban sa tunay na kaaway. Inililinaw sa kanila na ang pagkakasangkot sa mga kriminal at anti-sosyal na gawain ay mapangwasak sa rebolusyonaryong pagkakaisa at mapanira sa kapakanan ng mamamayan. Sa kaso ng ipinagbabawal na gamot, ipinaliliwanag ang masamang epekto nito sa kalusugan.

Sa mga unang hakbangin pa lamang na ito, ani Ka Peping, nagkakaroon na ng dramatikong epekto. "Matunugan lamang ng mga *drug pusher* ang presensya ng BHB sa isang baryo ay may awtomatiko at signipikante nang pagbawas sa kanilang bilang at aktibidad."

Sa ibayo pang pag-unlad ng pampulitikang gawain sa baryo, nagkakaroon ng papalaking papel ang mismong mga organisasyong masa sa pagtitiyak na malinis ang kanilang lugar sa mga ipinagbabawal na gamot.

Ani Ka Peping, kapag may nababalitaan silang taong nagtutulak ng droga, kinukumpronta nila ang mga ito at pinapaliwanagan para tumigil. "Kadalasan," aniya, "ay nakukumbinsing tumigil ang mga ito." Kung may mas malalalim pa silang problema ay tinutulungan din silang lutasin ang mga iyon. Patuloy ding nagsisiyasat at nagsusubaybay ang mga upisyal ng organisasyon kung tunay nga bang nagbago na ang mga ito.

Pero kapag sa kabila ng paulit-ulit na pakikipag-usap ay hindi pa tumitigil ang mga ito, idinidulog ng organisasyon sa BHB ang problema. At mas malamang kaysa hindi, ang babalang binibitiwan sa kanila ng BHB ang tuluyang nakapagpapatigil sa pagtutulak nila ng droga.

Ang mga ordinaryong taong gumagamit ng droga ay matiyaga at walang-sawang pinaliliwanagan, hinihimok at tinutulungan. Dahil pinakabulnerable sa droga ang kabataan, susi sa pagtiyak na hindi sila mabibiktima nito ang pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapaaktibo sa kanila para sa rebolusyon. "Sa mga konsolidado at kinokonsolidang baryo," ani Ka Peping, "halos buong-panahong nakatutok ang organisasyon ng kabataan sa mga pampulitika at pang-ideolohiyang pag-aaral, sa pagpapalaganap ng patriyotiko at progresibong kultura, sa pag-oorganisa at sa gawaing produksyon. Wala na silang panahon o interes pa sa mga bulok at dekadenteng aktibidad."

Habang lumalalim ang paggugat ng rebolusyon sa isang lugar, ang tunguhin ng organisadong kabataan ay kumilos nang buong

Sundan sa "Paglaban...," pahina 8

"Paglaban...," mula sa pahina 7

panahon para sa rebolusyon. "Sa katunayan," ani Ka Peping, "ang dating malakas na tunguhin ng kabataang Samareño na lisanin ang kanilang mga baryo para magtrabaho sa Maynila ay unti-unti nang nababaligtad. Ang nagiging tunguhin ay 'papaloob' o pagpupultaym sa hukbong bayan."

Pinalalaganap ng mga organisasyong masa sa mga baryo ang "Kampanyang Salinlahi" o ang panawagang mag-ambag ng anak sa rebolusyon ang bawat pamilya para masalinan ng bagong dugo ang kilusan at magkaroon ng mga kapalit ang mga kasamang nagkakaedad na o nalalagas sa pakikibaka. "Mismong mga magulang ang nanghihikayat sa kanilang mga anak na magpultaym sa Hukbo," paliwanag ni Ka Peping. "Bahagi na ng pang-araw-araw na buhay sa baryo ang rebolusyon at pinakapangarap ng kabataan ang pagsapi sa hukbong bayan at paglilingkod sa rebolusyon. Papaano pa makakaisip magdroga ang kabataan sa gayong kalagayan?"

Ibang-iba pa rin ang sitwasyon sa mga sentrong bayan at iba pang lugar na hindi pa naaabot ng kilusan o maging sa mga baryong matagal na naiwan ng BHB. Sa isang baryo sa Northern Samar na napilitang iwan ng BHB at natayuan ng detatsment ng AFP noong maagang bahagi ng 1990, mismong ang mga militar ang nagtutulak ng droga para bulukin ang mga tao at wasakin ang rebolusyonaryong baseng masa. Sa loob ng apat na taon, sistematikong binitag ng militar ang tukoy na mga myembro ng organisasyon ng kabataan at kababaihan para gumamit ng shabu. Tumigil lamang ito nang matagumpay na mapalayas ng mamamayan ang detatsment sa baryo.

Sundan sa "Paglaban...", pahina 9

Ang AFP at PNP ang pinakamalalaking sindikato sa droga sa bansa

Sadyang mabibigo ang palabas ni Arroyo tungkol sa "digma laban sa iligal na droga" dahil ang AFP at PNP mismo ang pinakamalalaking sindikato ng droga sa bansa.

Sa isang pahayag ng Chadli Molintas Command (CMC) ng Bagong Hukbong Bayan sa Ilokos-Kordilyera nitong Hulyo 9, mariing kinundena nito ang sistematikong kampanyang paninira nina Arroyo at ng AFP at PNP sa Bagong Hukbong Bayan at pagsasabing ito ang nasa likod ng pagtatanim ng marijuana. Sa pamamagitan nito, sinisikap lamang ni Arroyo at ng AFP-PNP na pagtakpan ang pagkakasangkot ng AFP-PNP sa mga sindikato sa droga.

Sinabi ng CMC na sa katunayan, ang mga plantasyon ng marijuana sa Benguet ay sinimulan ni Gen. Reynaldo Acop, dating hepe ng PNP Cordillera Regional Command at ipinagpapatuloy ng mga humalili sa kanya. Sa Kalinga naman, ang Cordillera People's Liberation Army, isang pwersang paramilitar na pormal nang isinanib sa AFP, ang nagmamantine ng mga plantasyon. Ito ay lantad na lantad at mapatutunayan ng masa sa mga lugar na ito, anang CMC.

Sa pambansang saklaw, iniulat mismo ng Presidential Task Force on Intelligence and Counter-intelligence na libu-libong pwersa ng AFP at PNP ang myembro ng 507 sindikato sa droga at ang mga upisyal-militar nila ay kumikita ng P50 bilyon taun-taon mula sa pagbebenta ng drogang kanilang nasasamsam at pagtatanggap ng *protection money* mula sa mga sindikato sa droga. Bukod sa hweteng, ang pangangalakal ng iligal na droga ang isa sa nangungunang pinagmumulan ng di maipaliwanag na yaman ng mga pinuno ng AFP at PNP.

Anang CMC, hindi marijuana ang itinatanim ng BHB kundi rebolusyonaryong kamulatan at ang militanteng paggigiit ng mga demokratikong karapatan ng mamamayan. "Ang BHB ay isang disiplinadong hukbo. Kinasusuklaman at itinatakwil nito ang burgis na kabulukan, kabilang ang pag-abuso sa droga, sugal, prostitusyon at iba pang anti-sosyal na aktibidad na likas sa mga bulok na sistemang panlipunan tulad ng kapitalismo at sa mga malapyudal na lipunan tulad ng sa Pilipinas."

Sinabi rin ng CMC na sa mga lugar kung saan nagtatanim ng marijuana ang masa, inilulunsad ang masiglang kampanyang pang-edukasyon para iwanan ng masa ang ganoong praktika at para matutunan nilang rebolusyon at hindi pagtatanim ng marijuana ang solusyon sa kanilang kahirapan. Naglulunsad rin ang rebolusyonaryong kilusan ng rebolusyonaryong reporma sa lupa at iba't ibang mga sosyo-ekonomikong programa para magkaroon ng alternatibong hanapbuhay ang mga magsasaka. AB

"Paglaban...," mula sa pahina 8

Sa Catarman, kabisera ng Northern Samar, pati mga pulis ay binebentahan ng shabu ng mismong hepe ng *anti-drugs operations* ng PNP—si SPO3 Vic Delfin. "Isa rin siyang sagad-sagarang kontra-rebolusyonaryo at lider ng sindikato ng mga holdaper na nakabase sa Maynila," ani Ka Peping.

Sa San Juan, San Isidro, Northern Samar, iniulat ng masa na mismong ang kumander ng *patrol base* ng AFP ang nagpapabili ng shabu sa ibang baryo nang maubusan ang yunit niya ng suplay nito.

Sa Allen, Northern Samar, ang suplayer ng shabu ay si PNP Maj. Andy Suan, na kasalukuyang nakatalaga sa Maynila. Kilala siyang kadikit ni Panfilo Lacson.

Sa Guiuan, Eastern Samar, mismong ang meyor nito ang nagsisilbing *drug lord*. Gamit ang kita sa droga, balak pang kumandidato ng meyor na ito sa kongreso o pagkagubernador sa 2004.

Noong Pebrero 2002, udyok ng mahigpit na kahilingan ng mamamayan, pinarusahan ng Mt. Amandewin Command ng BHB sa Leyte si Inaki Guljuran, isa sa pinakamalalaking *drug lord* sa Ormoc City at mga karatig-bayan.

"Kilala namin ang bawat isa sa mga numero unong nagtutulak ng droga sa rehiyon," ani Ka Peping. "Binabalaan namin sila na tumigil na sa kanilang kriminal na gawain." AB

3 elemento ng RHB, nilitis sa hukumang bayan

Dinakip ng yunit ng BHB ang tatlong tauhan ng bandidong "Rebolusyonaryong Hukbong Bayan" o RHB noong gabi ng Hunyo 11 sa Sityo Kabukiran, Barangay Kalaylayan, Abucay, Bataan. Ang mga inaresto ay sina Dony Valencia alyas Relly, 24, ng Barangay Wawa; Edwin Egay alyas Lester, 19, ng Barangay Gabon; at Dindo Diaz, 23, ng Barangay Salian. Nakumpiska sa kanila ang isang .45, isang 9 mm at isang .38 at dalawang *cellphone*.

Ang tatlo ay maayos na tinrato ng mga kasama bilang mga bihag habang nasa proseso ng imbestigasyon at paglilitis. Gayundin, sila'y inilayo sa panganib nang mapalaban ang yunit na nangangalaga sa kanila noong Hunyo 14.

Matapos dinggin ang mga kasong isinampa sa kanila, napatunayang walang sapat na batayan para parusahan sina Egay at Diaz. Pinalaya ang dalawa at inentrega sa ama ni Egay. Samantala, iginawad kay Valencia ang parusang kamatayan pagkatapos makumpirma ang anim na kaso ng pagpaslang.

Kabilang sa kanyang mga pinatay sina Jimmy Sanggalang ng Wawa, Abucay at Anu ng Mabatang, Abucay. Kaagad namang ipinaalam ng mga kasama sa mga magulang nito ang pasya sa kanya at kung saan nila makukuha ang bangkay. (*Mula sa* Himagsik, *rebolusyonaryong pahayagan ng Gitnang Luzon)* AB

Obispo ng Mahihirap

Humigit-kumulang 30,000 katao ang naghatid kay Bishop Antonio Fortich sa kanyang huling hantungan sa San Sebastian Cathedral sa Bacolod City nitong Hulyo 16.

Ipinrusisyon nila ang mga labi ng obispo sa plasa ng lunsod bandang alas-9 ng umaga. Kabilang sa mga dumalo ang iba't ibang militanteng organisasyon sa pangunguna ng Bayan Muna.

Bandang alas-9:30, sinimulan ang misa kung saan binasa ang parangal ni Pope John Paul II sa tinaguriang Obispo ng Mahihirap. Pinarangalan ng lider ng simbahang Katoliko ang "masigasig na pamumuno ni Fortich bilang Obispo ng Dyosesis ng Bacolod at ang kanyang aktibong pagmamalasakit sa dignidad at mga karapatan ng mahihirap."

Bago ang araw ng kanyang libing, tumanggap din ng parangal si Bishop Fortich mula sa iba't ibang rebolusyonaryong lider at organisasyon.

Nitong Hulyo 4, pinarangalan siya ni Frank Fernandez, dating tagapagsalita ng NDF. Ani Fernandez, tanda ng kadakilaan ni Bishop Fortich sa malagim na panahon ng batas militar, hindi niya isinuko ang kanyang mga prinsipyo sa kabila ng panggigipit mula kay Marcos at lokal na berdugo nitong si Roberto Benedicto. Sa pamumuno ng

obispo, ang mga taong simbahan ay patuloy na nakipagkapit-bisig sa mga rebolusyonaryo at progresibong pwersa hanggang sa pagbagsak ng pasistang rehimen.

Nitong Hulyo 15, nagpugay kay Bishop Fortich si Gregorio "Ka Roger" Rosal, tagapagsalita ng Partido Komunista ng Pilipinas. Tinukoy ni Ka Roger ang militanteng pagtataguyod ng obispo sa katarungang sibil at ang paglahok niya sa mga pakikibaka ng mamamayan laban sa pasismo at pyudal na pagsasamantala.

"Matindi niyang ikinagagalit at kinukundena ang di makatarungang kalagayang hati ang lipunan, sa isang banda, sa iilang nasa naghaharing uri na nagpapakasasa sa kanilang sobrang yamang nagmumula lamang sa ganid na pagsasamantala at pandarambong at, sa kabilang banda, sa nakararaming mamamayang lubhang nagugutom, busabos at api," ani Ka Roger.

Nagpahayag din nitong Hulyo 10 ng taimtim na pagdadalamhati sa pagpanaw ni Bishop Fortich sina Ka Luis Jalandoni at Ka Coni Ledesma ng National Democratic Front. Anila, "Para sa ating lahat, at sa mga darating pang salinlahing magsusulong sa mataas na hangarin ni Monsignor Fortich para sa katarungang panlipunan, tunay na reporma sa lupa, matagalang kapayapaang nakabatay sa katarungan at sa kanyang paninindigang itaguyod ang dignidad at kalayaan ng nakikibakang mamamayan, madarama natin ang kanyang presensya, lakas at walang-kamatayang inspirasyon."

Isa ring parangal ang inialay ng rebolusyonaryong Christians for National Liberation (CNL) sa yumaong obispo nitong Hulyo 13. Itinuturing ng CNL ang ulirang buhay ni Bishop Fortich bilang walang-kupas na inspirasyon at hamon sa lahat ng Kristyano na yakapin ang adhikain ng mga uring pinagsasamantalahan at inaapi.

"Sa harap ng brutal na pasismo ng estado, pyudal na pang-aapi at imperyalistang dominasyon sa Negros at sa buong bansa, ang kanyang buhay bilang isang rebolusyonaryong Kristyanong taimtim na nanalangin, nagsalita at kumilos para sa mga saligang karapatan at interes ng mahihirap ay isang di-matatawarang ambag sa pagsusulong ng rebolusyonaryong pakikibaka," dagdag pa ng CNL. AB

Mababababang upisyal at karaniwang kawal ng AFP, ligalig

Diskriminasyon sa mga mababang upisyal at karaniwang kawal, mababang pasahod, korapsyon at iba pang di magandang palakad ng pamunuan ng AFP ang nasa likod ng pagkaligalig kamakailan sa loob ng organisasyon ng militar. Salamin ng pagkaligalig na ito ang laman ng isang manipestong inilabas noong Hunyo ng bagong tatag na Concerned Army Officers of Sulu na kumakatawan sa "libu-libong mga karaniwang kawal na nasa larangan ng armadong labanan."

Halos kapareho ng mga hinaing nila ang mga inilabas na ng Reform the Armed Forces Movement (RAM) at Young Officers Union (YOU), noong maagang bahagi ng dekada 1980. Patunay ito na walang pinagkaiba at bagkus ay lumalala pa ang mga katiwalian at masasamang palakad ng matataas na upisyal-militar.

"...nagpapakasasa ang mga pinuno ng DND at AFP sa napakalaking sweldo at mga luho at espesyal na pribilehiyo at kumakamal din ng napakalaking yaman galing sa pangungurakot ng mga pondo para sa mga ordinaryong sundalo..."

Humantong na ito sa mga ugong-ugong na may balak maglunsad ng kudeta ang mga upisyal at kawal na may hinaing. Subalit sa halip na harapin ang kanilang mga hinaing, hinamon pa sila ng DND na lumantad at binalaang huwag maglunsad ng kudeta laban sa gubyernong Arroyo.

Kaugnay nito, nagpahayag ng pakikipagsimpatiya sa mga nakababababang upisyal at karaniwang kawal ng AFP ang Partido Komunista ng Pilipinas. Sa isang pahayag, sinabi ni Gregorio "Ka Roger" Rosal, tagapagsalita ng Partido, na nagpapakasasa ang mga pinuno ng DND at AFP sa napakalaking sweldo at mga luho at espesyal na pribilehiyo at kumakamal din ng napakalaking yaman galing sa pangungurakot ng mga pondo para sa mga ordinaryong sundalo at sa *disaster relief*, kikbak mula mga kontrata, kita mula sa mga kriminal na sindikato tulad ng droga, *kidnapping for ransom*, holdap sa bangko at iba pang kriminal na aktibidad. Sa kabilang banda, ginagamit lamang na pambala sa kanyon ang mga nakababababang upisyal at karaniwang sundalo.

Masahol pa, ani Ka Roger, walang pakundangan silang ginagamit upang wasakin ang mga pamamahay, pagnakawan ng mga alagang hayop, salantain ang mga pananim, patayin

Sundan sa "Mababababang upisyal...," pahina 11

Papalalang kundisyon ng ekonomya ng US



Nitong Hunyo, tumaas ang tantos ng disempleyo sa US nang 6.4%, pinakamataas sa loob ng siyam na taon. Tanda ito na nagpapatuloy pa ang kasalukuyang resesyon ng imperyalistang ekonomya na nagsimula noon pang Marso 2001, taliwas sa matagal nang inaasam ng mga pinuno at negosyante sa US na muling makaaahon na ang ekonomya ng US simula 2003.

Halos 9.4 milyong manggagawang Amerikano ang walang trabaho sa ngayon. Ang 2.7 milyon dito ay nawalan ng trabaho mula nang maging presidente ng US si George W. Bush noong umpisa ng 2001. Sa loob nitong huling tatlong buwan—mula Marso hanggang Hunyo—aabot sa isang milyong manggagawa ang natanggal sa kani-kanilang mga trabaho.

Karamihan ng mga nasisante ay mula sa sektor ng manupaktura—salamin ng dumadausdos na produksyong industriyal ng bansa. Sa katunayan, umaabot na lamang sa 74.3% ang nagagamit na kapasidad ng mga pabrika sa US, pinakamababa sa loob ng 19 na taon. Maramihan din ang tanggalan sa mga kumpanya ng *airlines* at mga kumpanya sa "bagong ekonomya" tulad ng telekomunikasyon at *internet*. Ang ganitong kalaki at tuluy-tuloy na pagkawala ng trabaho sa US ay huling naganap noon pang 1980-83 at, mas maaga pa, noong 1956-58.

Kaalinsabay nito, lalo ring lumalala ang depisit sa kalakalan ng US. Noong Mayo, umabot na sa $418 bilyon ang depisit sa balanse ng kalakalan dulot ng paghina ng eksport at paglaki ng halaga ng inaangkat na langis.

Ang patakarang pang-ekonomya ng rehimeng Bush ay nagdudulot din ng papalaking depisit sa pambansang badyet. Nilustay ng rehimeng Bush ang dinatnan nitong $334 bilyong surplas ng gubyernong US at sa loob lamang ng tatlong taon ay humantong na ito sa netong depisit na $455 bilyon—nangangahulugan ng kabuuang aktwal na depisit na $789 bilyon. Kahit ang netong depisit na $455 bilyon ay pinakamalaki na sa buong kasaysayan ng US.

Sanhi nitong papalalang depisit ang: 1) walang pakundangang paggastos sa militar at paglulunsad ng mga gera ng US at pagmamantine ng mga pwersang pang-okupasyon sa Iraq at, bago nito, sa Afghanistan; 2) pagpabor sa pinakamalalaking kumpanyang US sa pamamagitan ng pagkaltas sa binabayaran nilang buwis; at 3) malawakang tanggalan ng mga manggagawa at pagbawas sa subsidyo para sa mahihirap na nagreresulta sa pagkitid ng pamilihan at base ng nagbabayad ng buwis.

Tinatayang umabot na sa $48 bilyon ang nagastos sa pagsalakay at pagsakop sa Iraq at nadaragdagan pa ng $5 bilyon kada buwan ang gastusin ng US para sa patuloy na okupasyon ng Afghanistan at Iraq para lamang sa taong ito. Nagkakahalaga naman ng $330 bilyon ang buwis na di na pinabayaran ni Bush sa malalaking kumpanyang ginawaran ng *tax exemptions* at *tax breaks*. AB

"Mababababang upisyal...," mula sa pahina 10

at pahirapan ang mga inosente at yurakan ang mga karapatang-tao ng karaniwang mamamayan.

Hinamon sila ni Ka Roger na itaguyod ang patriyotiko at demokratikong hangarin ng mamamayang Pilipino, lubusang talikuran ang reaksyunaryo, bulok at pabigong landas ng AFP, at sumanib at sumuporta sa rebolusyonaryong kilusan. Sa partikular, nanawagan si Ka Roger na sundan nila ang halimbawa ni Lt. Crispin Tagamolila, isang gradweyt ng Philippine Military Academy na sumanib sa Bagong Hukbong Bayan. AB

Danyos para sa mga biktima ng diktadurang Marcos, iginigiit

IGINIGIIT ngayon ng Samahan ng mga Ex-Detainee Laban sa Detensyon at Para sa Amnestiya (SELDA) na aprubahan na ang panukalang House Bill 4535 na naglalaan ng sangkatlo ng nakaw na yaman ng mga Marcos para sa 10,000 biktima ng batas militar. Ito'y pagkatapos desisyunan ng Korte Suprema nitong Hulyo na ibigay sa gubyerno ang $150 milyong nakaw na yaman ng mga Marcos na matagal nang nakalagak sa Philippine National Bank.

Inilabas ng SELDA ang panawagan sa gitna ng mga pagmamaniobra ng pamilyang Marcos at mga kroni nito na harangan o palabnawin ang anumang batas na magbibigay ng makabuluhang bahagi ng nakaw na yaman sa mga biktima ng diktadura.

Kamakailan din ay inianunsyo ni Arroyo ang paglalaan ng P8 milyon lamang para sa mga biktima—na napakalayo sa P2.5 bilyong dapat mapasakanila mula sa $150 milyong kayamanan.

GRP, binawi ang mga kundisyong iginigiit sa MILF

NITONG Hulyo 18, bumigay ang rehimeng Arroyo sa mga iginigiit ng MILF at sinuspinde nito ang mga mandamyento de aresto at mga pabuya sa pagdakip sa 10 lider ng MILF at tinigil na rin ang pagsasabing "terorista" ang MILF. Tulak ito ng mahigpit na panawagan ng maraming sektor, kabilang ang maraming imam (lider relihiyosong Muslim), na bigyang-daan ang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng gubyerno at MILF.

Kaugnay nito, pinayuhan ang MILF ni Gregorio "Ka Roger" Rosal, tagapagsalita ng Partido, na mag-ingat sa mga mapanlinlang na pakana ng papet na gubyerno at magmatyag din sa pagpasok ng US ngayon sa usapang pangkapayapaan.

Samantala, agad na nilabag ng AFP ang tigil-putukan nito sa MILF nang lusubin ng mga sundalo ang isang balwarte ng MILF sa Pagalungan, Maguindanao.

Marahas na dispersal ng rali sa Iloilo, kinundena

BINATIKOS ng mga militanteng organisasyon at tagapagtaguyod ng karapatang-tao ang pandarahas ng mga pulis at vigilante sa 200 nagrali sa harap ng Barcelo Sarabia Manor Hotel kung saan tumuloy sa Pres. Arroyo nang dumaan siya sa Iloilo City noong Hulyo 15.

Mahigit 200 pulis at mga pwersang vigilante na nakapaloob sa Civilian Volunteers Organization at Bantay Bayan Foundation ang nagsagawa ng dispersal, na siya nang pinakamarahas nitong huling mga taon. Ang mga nagrali ay kabilang sa Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN)-Panay, Kilusang Mayo Uno, Kadamay, Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper at Operators Nationwide (Piston), Anakpawis, Anakbayan at iba pang militanteng organisasyon sa Iloilo.

Anim na demonstrador ang nasugatan at sampu ang ikinulong.

Patakarang *"open skies"* ipatutupad na sa bansa

BUMAGSAK nitong Hulyo 18 ang negosasyon sa pagitan ng US at Pilipinas hinggil sa muling pagpapaliban ng lubos na implementasyon ng patakarang "*open skies*" na nakatakda na sa Oktubre 1. Tatlong beses nang naipagpapaliban ang implementasyon ng kasunduan na pinirmahan noon pang 1982 ng rehimeng Marcos sa dikta ng imperyalismong US.

Saklaw ng patakarang "*open skies*" ang liberalisasyon hindi lamang ng mga byahe sa pagitan ng US at Pilipinas at sa pagitan ng Pilipinas at ibang bansa, kundi pati mga byahe mula at patungong iba't ibang bahagi ng Pilipinas.

Iginigiit ng US ang karapatang magnegosyo sa Pilipinas ng mga *airlines* ng US nang kunwa'y nasa teritoryo sila ng US, bagay na labag sa konstitusyon ng Pilipinas. Ginagamit ngayon itong sangkalan ng US para igiit ang kagyat na pagbabago sa konstitusyon upang mawala ang mga sagka sa imperyalistang pagsagasa sa patrimonya at soberanya ng Pilipinas.

Ang patakarang "*open skies*" ay magreresulta sa tuluyang pagkalugi ng mga lokal na kumpanya sa *airlines* tulad ng Philippine Airlines at Cebu Pacific Airways.

ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XXXIV Blg. 12
Hulyo 21, 2003
www.philippinerevolution.org

Editoryal

Labanan at biguin ang panunupil sa ligal na demokratikong kilusan

Isang hakbanging *ala-Marcos* ang kautusan ni Pres. Gloria Arroyo na supilin ang diumano'y mga "ligal na prenteng organisasyon ng Partido Komunista." At tulad ng pagpapataw ni Marcos ng batas militar noong 1972, hindi lamang mabibigo ang kautusang ito na pigilin ang tuluy-tuloy na pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan. Lalo pa nitong itutulak ang mamamayang Pilipino na sumuporta at sumapi sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) at lumahok sa armadong rebolusyonaryong kilusan.

Ang kautusang ito ay isang desperadong hakbangin sa harap ng sunud-sunod na matatagumpay at madadagundong na taktikal na opensiba ng BHB. Sa kabiguang pigilin ang pagsulong ng armadong rebolusyon sa kabila ng "todong digmang kontra-terorismo" ng rehimeng Arroyo, ibayong pinagdidiskitahan nito ngayon ang mga ligal na organisasyong patriyotiko at demokratiko na malisyosong pinagpapareho sa PKP at BHB upang mabigyang-katwiran ang paggamit ng dahas ng estado laban sa mga ito.

Katulad ng mga nagdaang rehimen, militarismo at pasistang terorismo ang sagot ng rehimeng Arroyo—sa udyok ng amo nitong imperyalismong US—sa lumalawak at lumalakas na pagtutol at paglaban ng masang labis na pinahihirapan ng krisis ng reaksyunaryong naghaharing sistema. Ang napakatinding diskuntento at pagkaligalig ng malawak na mamamayan ay ibinubunsod ng papabilis na pagbulusok ng ekonomya at ng kanilang kabuhayan, at ng kawalang kakayahan ng naghaharing uri na makatugon kahit sa mga pinakabatayang pangangailangan ng nakararaming mamamayan at pagtindi ng pang-aapi at panggigipit sa kanila.

Hindi lamang bigo ang imperyalismong US at mga lokal na reaksyunaryong naghaharing uri sa paglutas sa napakalalim na krisis sa ekonomya

Mga tampok sa isyung ito...

Tumitindi ang giriang Cojuangco-Arroyo PAHINA 4

Pagbubuo ng balangay ng MAKIBAKA sa isang baryo sa Bikol PAHINA 6

Paglaban sa iligal na droga sa Eastern Visayas PAHINA 7